

# 1

Naiinitan at kunot-noong napabuntong-hininga si Pam nang makababa ng jeep. Kadarating niya lang sa bayang halos apat na taon niya ring hindi binalikan. Pagkatapos kasi niyang magtapos ng kolehiyo ay kaagad siyang nagpunta ng Manila at doon nagtrabaho. At kung hindi lang sana siya natanggal sa trabaho ay wala pa siyang balak na umuwi.

Mahigit isang buwan na siyang naghahanap ng trabaho, pero naghihintay pa siya ng interview niya. Ngunit dahil na rin sa pamimilit ng kanyang ina na umuwi, umuwi na rin siya. Unti-unti na rin kasing lumiliit ang ipon niya. Tinawagan siya nito na umuwi at magtrabaho muna sa hacienda kung saan ito namamasukan bilang sekretarya ng tagapamahala.

*“Kailangan kong magpunta ng Misamis, may ipinagagawa sa akin ang mga Jimenez patungkol sa farm nila doon. Naisip ko rin lang na wala ka pang trabaho sa ngayon, baka ’ika ko p’wede kang pansamantalang pumalit sa akin dito. Sandali lang naman, Anak. Pagbalik ko, p’wede ka nang bumalik d’yan.”*

Naalala niya nang tumawag ito sa kanya

pagdating niya sa inuupahang apartment.

Sinalubong siya ni Loreta, ang kanyang ina, sa harapan ng gate ng mansyon ng mga Jimenez. Mula kasi nang mamatay ang tatay niya noong high school pa lang siya ay roon na sila pinalipat ng amo sa isang bahay sa likod ng mansyon. Sa edad na cuarenta y siete ay masiglang-masigla pa itong nagtatrabaho. Maaga itong nag-asawa sa edad na nineteen. Mag-isa lang ang ina niya roon. Nag-asawa na kasi ang kaisa-isa niyang kapatid, ang Kuya Pierre niya.

“Pam, madali lang naman ang trabaho mo dito sa hacienda... ’wag kang mag-alala, hinding-hindi ka pagtatanimin ng mais!” Ibinaba ng biyuda ang ilan sa mga dala niyang bag. Marami-rami iyong dala niya kaya tinulungan na siya nito.

Pinaikot na lang niya ang mga mata. “Nay, hindi naman problema sa akin kung pagtatanimin ako ng mais o hindi, ang arte ko naman kung hindi gayong buong buhay ko yata dito sa *Hacienda Remedios*, mais ang kaharap ko! Kaya lang nahihinayangan lang ako sa mga application letters ko d’on, paano kung may interview? Hindi ako makakasipot,” nakasimangot na sagot ni Pam.

“Okay lang iyon, Anak. Sandali lang naman ang pagtatrabaho mo rito saka malaki ang kikitain

mo. Mabait rin iyong apo ni Don Romano na siyang namamahala dito ngayon.”

“Ho?” gulat na naitanong niya. “Bakit po? Nasaan po ba si Don Romano?”

Malungkot na napabuntong-hininga si Loreta. “Na-stroke kasi noong huling taon kaya dinala sa America ng isa sa mga anak niya na matagal nang doon tumitira, hindi mo na nga siguro kilala iyon. Kaya ’yong isa sa mga apo niya ang pinadala niya rito para mamahala. Tatlong buwan pa lang siya dito, pero ang ganda na ng takbo ng hacienda. Mabait iyon. Tiyak kong magkakasundo kayo ni Kaira!”

*Kaira... Babae pala ang bagong tagapamahala ng hacienda ngayon.*

“Nakita ko na po ba dati?” curious niyang naitanong.

Umiling ito. “Naku, hindi! Isang taong gulang pa lang iyon n’ong naparito, ’tapos si Pierre naman ay magtatatlong taong gulang pa lang. Ngayon lang ulit nakapunta dito si Kaira; laking America siya. Hirap nga akong makipag-usap minsan, mabuti nga’t magaling ding mag-Tagalog.”

Tumango-tango na lamang si Pam saka nagtanong ulit, “Kailan ba kayo aalis, ’Nay, at kailan ako

magsisimula?”

“Sa susunod pang linggo, Pam. Ipapakilala sana kita pagkadating mo kaso wala siya ngayon, eh. Nauna na siya sa El Salvador.” Isang lungsod iyon sa Misamis Oriental. “Pagpunta ko doon, babalik naman siya. Hayaan mo, habang wala siya ay ituturo ko sa iyo ang mga gagawin mo.”

Ipinakita nito sa kanya ang isang papel na naglalaman ng schedule ng mga aktibidades ni Kaira.

---

Dalawang araw nang nakaalis si Loreta, pero hindi pa rin nakababalik ang amo niya.

*Hay naku! Ang dami namang iniwang trabaho ni Nanay. Sambakol ang mukha ni Pam habang tinititigan ang kahon ng paperworks sa ilalim ng mesa niya. I-e-encode niya raw iyon lahat. Iyon ang bilin sa kanya ng ina. Nilingon niya ang computer. In fairness, nag-level-up na si Mudra. Pa-compu-computer na lang ngayon, dati takot pa sa typewriter.*

Nasa library ang mesa ng kanyang ina. Makikita sa bintana ang kabuuan ng maisan na hindi nakikita kapag nasa loob ng bakuran ng mansyon dahil sa matataas na concrete walls na pumapalibot sa paligid.

Uupo na sana siya nang biglang pumasok ang isa sa mga katulong ng mansyon. Pinatatawag na siya ng amo niya.

*Nakarating na pala. Di ko yata napansin.*

Tinungo niya ang katabing kuwarto ng library. Parang kumakarera ang tibok ng puso niya habang dahan-dahang binubuksan ang pinto. Tumambad sa paningin niya ang mesa ng kanyang amo. Nakaupo ito sa swivel chair at nakaharap sa balkonahe.

Tumikhim muna siya para iparamdam sa kaharap na pumasok na siya. “Ah... magandang tanghali po, Miss Kaira. Ako po si Pamela Pascual, ’yong anak po ni Loreta Pascual, and I’m going to take her place as your secretary while she’s still in El Salvador,” aniya. Hindi gumalaw ang swivel chair kaya nagpatuloy pa siya sa pagsasalita. “Pinatatawag n’yo raw po ako, Ma’am?”

Doon na umikot ang upuan para harapin siya, and to her surprise, mali ang inaasahan niyang makita sa kanyang amo. Dahil ang akala niyang Venus ay isang Adonis pala! Nakasuot ito ng black sandong, brown cordoroy jacket saka black jeans. Mas mukha pa itong rebelde at black sheep na anak kaysa sa isang masunurin at mabait na tagapamahala ng hacienda.

Para tuloy ayaw na niyang maniwala sa sinasabi ng ina na mabait ang apo ni Don Romano. Kung bakit naman kasi walang nasabi ang biyuda na lalaki pala ang magiging amo niya. And for the record, mahirap i-describe ang kaguwapuhan nito. Medium built ang pangangatawan nito at mukhang galing sa military dahil sa haircut nito pero cool na cool pa rin.

Tumayo ito at naupo sa panig ng mesa na humaharap sa kanya. Nagde-kuwatro pa ito at tinapunan siya ng seryosong tingin. “Do I look like a chick to you?” Nakataas pa ang isang kilay nito.

Parang biglang naubos ang lahat ng nalalaman niyang salita nang marinig ang boses nito. “Ah... ah... po... ano...”

Tumayo ito at lumapit pa sa kanya. “Loreta told me you used to work as a call center agent in Makati. Do you stutter over the phone?”

*Hello! Earth to Pamela, magsalita ka! Shit, ang guwapo niya!*

“Pamela?” pukaw nito sa kanya.

“Ah... ah... I’m sorry, Sir I was just surprised! I thought Kaira Jimenez is a girl!” kinakabahang sagot niya.

Tumango-tango lang ang lalaki. “Well, I’m sorry I’m not a girl. What should I say? Expect the unexpected, Pamela. And nice to meet you...” Tumalikod ito at naglakad pabalik sa mesa.

*Ang ganda ng pagkaka-pronounce niya ng pangalan ko!*

“Your mom never mentioned you’re that pretty!”

Kaagad na pinamulahan ng pisngi si Pam sa narinig. “Ah... thank you po, Sir!” Nakayuko siya.

“Yeah, sure. Pretty enough to be a secretary. Now, start the work!” dugtong nito. Hindi niya alam kung magugustuhan o maiinis sa tono ng pagkakasabi ng lalaki. Ni wala rin kasi itong gaanong reaksiyon sa mukha.

*’Yan na ba ang mabait sa paningin ni Nanay? Unbelievable!*

Mabilis siyang tumalikod upang sumunod sa utos ni Kaira. Parang ang cold ng paraan nito ng pakikitungo sa kanya. Ang babaw naman yata nito kung sakaling nagalit nga ito dahil napagkamalan niyang babae ito. Hindi niya kasalanan kung ibang klase ang trip ng mga magulang nito at pinangalanan ito ng pangalang madalas na pinapangalan sa mga babae. Kunsabagay, ang Kaira ay maaari ring

pangalan ng lalaki.

*Pretty? Ano ako? High school? Beautiful ako!  
Beautiful!*

Nakakailang pahina na rin siya sa ginagawang inventory ng mga sako ng mais na ipapadala sa malalaking tindahan sa Cebu nang pumasok ang isang katulong at may dalang isa pang folder. Ipinadadagdag daw iyon sa kanya ni Kaira. Napabuntong-hininga na lamang siya. Ni hindi pa siya nangangalahati, pero meron nang pinadadagdag.

*Mabait pa ba ang ganito? Ayaw man lang yata akong pagpahingahin.*

Sumabay siya sa katulong na bumaba para makainom man lang siya ng tubig upang malamigan kahit kaunti ang utak niya. Naabutan pa niya si Kaira na nakaupo sa sofa ng sala. May kausap ito sa telepono at base sa kinikilos nito, para itong nakukulitan sa kausap. Hindi niya ugaling mag-eavesdrop, pero hindi niya napigilang marinig ito habang naglalakad siya papuntang kusina.

“Mom! Lolo’s going to be just fine, okay? There’s no need for all that crap! I’m not going to agree with that! You can’t force me! No... no...!” Nakakunot-noo pa ito at mukhang nahalata yatang nakatingin



siya dahil bigla na lang itong bumaling sa gawi niya. Kamuntik pa siyang madapa.

*Galit nga siguro siya sa akin! Naku, 'Nay! Umuwi ka na!*

Nakapasok na siya ng kusina nang marinig niya ang gulat na ibulalas nito sa telepono. “What?”

Pinigilan na niya ang sarili sa pakikinig bago pa man makahalata ang lalaki.

Nakasandal siya sa refrigerator habang umiinom ng tubig nang maisip niyang magtanong sa katulong na nagluluto ng pangmerienda.

“Nay Metring!” tawag niya rito. “Mabait po ba talaga ’yang si Sir Kaira?”

Nilingon siya ng matanda; matagal na itong tagaluto sa mansyon at matagal na niya itong kilala. Ngumiti ito sa kanya. “Oo naman, magalang na bata at marunong talagang makisama, manang-mana sa angka ng Jimenez. Bakit mo naman naitanong, Pam?” Ibinaling uli nito ang atensyon sa niluluto.

Napanguso siya saka ipinatong ang baso sa mesa at bahagyang lumapit sa katulong. “Eh, parang iba po kasi yata ang trato sa akin, ewan ko pero nasusupladuhan ako! Kung makatingin, daig pa’ng

X-ray kung sumuri! Nanliliit ako, 'Nay," palatak niya habang kinukumpas-kumpas pa sa ere ang mga kamay. Nakatingin lang sa kanya ang kausap saka kunot-noong ngumuso ito sa likuran niya.

Isang malakas na tikhim ang narinig niya mula sa kanyang likuran. Hindi siya maaaring magkamali. She's so dead!

Parang nanlamig lahat ng bahagi ng katawan niya. Tinitigan niya si Nanay Metring saka mahinang-mahina ang boses na nagsalita. "Ba't di n'yo ho sinabi?" Dahan-dahan siyang humarap para tingnan ang amo. *Patay!!*

Tinitigan lamang siya nito.

*'Yang mga matang 'yan talaga, naku!* Akala niya ay papagalitan na siya nito o di kaya ay sisisantihin pero sa halip, hindi ito nagsalita. Nagpakawala lamang ito ng malalim na buntong-hininga saka ibinaling ang tingin sa mga katulong.

"Nanay Metring, Mom's coming for a surprise visit, and she's on her way here. Please prepare something for dinner."

"O sige, Hijo, walang problema!"

"Thank you!" sagot nito saka tiningnan siya uli

at walang anu-ano ay tumalikod na lamang.

Nilapitan siya ni Nanay Mestring saka siniko sa tagiliran. “Ikaw talaga, kahit kelan matabil ’yang dila. Sundan mo na siya, bilis, at nang makapag-sorry ka!”

Wala siyang nagawa kundi sundan ang lalaki. Nasa paanan na ito ng hagdanan nang maabutan niya. “Sir Kyrre! Sir!” tawag niya. Ang Kyrre ay tila ‘kiri’ ang pagkakasambit niya.

Gulat na tumigil ang binata at hinarap siya. Nakakunot-noo ito. “What did you just call me?”

Natigilan siya sa naging reaksyon nito. *What did I do this time? Ano ba’ng tinawag ko sa kanya? Think, Pam! Ano ba!*

Nanlaki ang mga mata niya. “Po?”

Parang hindi yata ito naging masaya sa naisagot niya. “I said, what did you just call me?” anito, medyo tinaasan pa ang boses.

Napanganga siya. Wala siyang maalala.

“You called me ‘Kyrre’? Are you making fun of me?”

*Lintik na! Sumayaw na naman pala ’yong dila ko!*

“Naku! Hindi po, Sir *Kaira!*” Ini-emphasize pa

niya ang pangalan nito. “Medyo... na-twist lang po ang dila ko! Mag-so-sorry lang po ako, Sir! Kasi—”

Hindi na natapos ni Pam ang sasabihin dahil binara na siya ng binata. “Because I don’t seem to act as nice as how you expected?”

Hindi siya nakasagot.

“That’s okay. Everyone has their own impressions. Just make sure I won’t hear yours next time.” Ipinagpatuloy nito ang pag-akyat.

Ni hindi siya nakasagot dito. Wala sa isip na umakyat na rin siya para ipagpatuloy ang ginagawang trabaho sa library. Hindi rin magkalayo ang distansya nila. Nakayuko lamang siya. *Ang hirap naman maging amo itong Kaira na ’to!*

Lumilipad ang isip niya nang biglang nag-snap sa mukha niya si Kaira. Parang tumigil sa pagtibok ang puso niya nang mag-angat siya ng mukha at nasa tapat na siya ng dibdib nito. Huminto pala ito sandali para harapin siya. Kamuntikan pa siyang mahulog kung hindi naagapang ipinulupot ng binata ang mga kamay nito sa baywang niya. Napahawak siya sa mga balikat nito.

Mahihimatay na yata siya. Para kasi silang nasa eksena ng mga napapanood niyang pelikula.

Nagmumukha na silang nagyayakapan. Kung di lang niya siguro ito amo ay malamang na na-carried away na siya. Sino naman ang hindi kikiligin sa ganoong pustura lalo na at isang napakaguwapong lalaki ang nakahawak sa kanya? Lumilipad na naman ang utak niya.

“Are you okay?” pukaw nito, may tono ng pag-aalala sa boses nito.

*Wow! Mabait nga siguro.*

“Saan ka ba natitigilan? Sa muntikan mong pagkahulog o sa pagkakalapit natin ng ganito? You seem to be comfortable with our position after all,” pahabol na dugtong nito.

Parang binagsakan ng bookshelf sa ulo si Pam sa narinig. Nang inaakala niyang nagmamalasakit talaga sa kanya ang binata, lumabas muli ang hidden kasungitan nito.

*Marunong rin naman palang mag-Tagalog ang loko kahit may accent! Kanina pa English nang English.*

Kaagad siyang bumitiw sa pagkakahawak sa mga balikat ng binata. Ganoon din ang ginawa nito; inalis na nito ang hawak sa kanyang baywang. Hindi na siya sumagot sa sinabi nito at baka magsalita pa ito ng hindi niya gusto.

Tumikhim muna siya. “Uhm... bakit po pala kayo huminto, Sir?”

“Ikuha mo ako ng coffee! Bring it to the office. And while you’re there, pakiaayos na rin ng table. Clean it up as well. Wait for me in the office. I’m going to the airport. Susunduin ko si Mommy.” Pagkasabi niyon ay muli itong bumaba.

“Teka, Sir! Malayo pa po ang biyahe n’yo, lalamig po ang kape!” pahabol niya habang nagmamadaling bumababa rin sa hagdanan.

Sandali lang tumigil si Kaira saka nilingon siya. “Just do what I said!” matigas na saad nito, pagkuwan ay lumabas na ng mansyon.

Napanganga siya. “Aba! Demanding!”

Walang ginawa si Pam kundi sundin ito. Hindi niya maintindihan kung bakit nagpapatimpla ng kape si Kaira gayong alam nitong malamig na iyon pagbalik nito. Kung iisipin ng mabuti, aabot halos ng apat na oras ang biyahe back and forth. Malayong-malayo ang lokasyon ng hacienda sa siyudad. Nasa kabundukan kasi ito, sa Bonbon. At siguradong traffic din sa Cebu kaya matatagalan bago ito makarating sa airport at ganoon din pagbalik. Magagabihan ito dahil malapit na rin mag-alas-tres.

*Iinumín naman kaya niya ang kape gayong lalamig na iyon?*

Nagtimpla nga siya ng kape at pinagtatawanan pa siya ng mga kasambahay dahil panay ang pagrereklamo niya sa hindi niya maintindihang ugali ni Kaira. Nalinis at na-arrange na rin niya ang opisina ng binata. Pero palubog na ang araw ay hindi pa rin ito bumabalik. Tapos na siya sa mga pinag-utos nito. Hinawakan pa niya ang tasa ng kape; malamig na ito.

*Iinumín pa kaya niya ito?*

Nakailang balik na rin siya sa library para tapusin ang trabaho niya, pero hindi pa rin ito dumarating. Quarter to seven na nang maisipan niyang muling bumalik sa opisina at doon maghintay sa amo. Naupo siya sa couch na katabi lang ng pinto. May lamesita roon at hindi nakawala sa paningin niya ang mga photo albums. Ang pumukaw sa mga mata niya ay ang isang litrato na nakalitaw sa gilid ng album. Nakaipit lang ito at hindi napapaloob doon.

Nagulat siya sa nakita, si Kaira. Mukhang teenager pa ito sa larawan dahil sa haba ng buhok nito at sa tipo ng damit. Hindi pa ganoon kalaki ang katawan ng binata kumpara sa pangangatawan nito ngayon. Pero ang talagang nakakagulat ay kung ano ang ginagawa nito at kung sino ang kasama nito sa

picture. May kahalikan ito na isang babae at sa harap pa mismo ng *Eiffel Tower* sa Paris, France. Maganda nga ang background, pero mas maganda ang babae. Parang mestiza at mahaba ang buhok. Mayroon pa itong message sa likod.

*“Kaira and Roxanne forever,”* mahinang basa niya. *May side rin pala na ganito ’yong lokong iyon? Unbelievable!*

Parang lumukso ang puso ni Pam nang biglang may bumusina sa tapat ng gate ng mansyon. Kaagad siyang tumakbo patungo sa balkonahe para makita kung sino ang paparating. Kotse iyon ni Kaira. Nagpark ito sa garahe at naunang bumaba ang lalaki. Pinagbuksan nito ang kasamang babae. Nasa mid-fifties ang edad ng huli pero mistulang treinta lang ito sa paraan ng pananamit. Ito ang ina ni Kaira.

Hindi niya gaanong naririnig ang pinag-uusapan ng mga ito, pero halatang-halata sa mga kinikilos ng dalawa na mayroong pinagtatalunan.

Biglang pumasok si Nanay Metring sa opisina. “Pam, natapos mo na ba daw iyong inventory? Paki-print daw ’tapos dalhin mo dito.” Pagkasabi niyon ay lumabas din ang matanda.

*Hay! Mabuti na nga lang at tinrabaho ko iyon*



*habang wala siya! Napakalabo talaga ng taong iyon, pinapaghintay ako dito sa opisina niya!*

Kaagad siyang nagpunta sa library. Nagtatalo pa rin sa sala ang mag-ina. Curious man sa pinagtatalunan, hindi na siya nag-eavesdrop.

Isang page na lang ang hinihintay niyang mai-print nang marinig niya ang sunod-sunod na mga yabag na papasok sa kabilang kuwarto. Mahina pero kaagad niya ring nalamang naroon na sa opisina ang mag-ina at hindi pa rin tapos sa kung anumang pinagtatalunan.

Nang mai-print na lahat ng kailangan niya ay nagpunta na siya sa opisina. Kakatok na sana siya nang marinig ang boses ni Kaira.

“Mom, how many times do I have to tell you, I won’t marry Roxanne!”

Napanganga si Pam. *What? Roxanne? Akala ko ba forever?*

“Why, Kaira? You two used to be a couple and Roxanne still loves you. You have to settle down to manage the family’s property. Ikaw na lang ang wala pang asawa sa lahat ng lalaki ng pamilya Jimenez. Hindi p’wedeng binata ang mamahala ng hacienda. You know your lolo! And I really think Roxanne is

going to be a good wife,” sagot ng ina nito.

“Mom, wala naman akong planong mamahala nito, after all, Lolo’s fine so hindi ko na kailangang magtagal pa rito.”

“You don’t get it, Son! Kahit pa makabalik ang lolo mo dito, hindi na niya maaasikaso nang mabuti ang hacienda dahil tumatanda na siya at palala na ang sakit niya! Please... marry Roxanne!”

Hindi kaagad nakasagot si Kaira.

*Ganoon na talaga kalubha si Don Romano?*

Kukunin na sana niya ang pagkakataong iyon para kumatok pero nagsalita ulit si Kaira.

“I can’t marry Roxanne, Mom. I can’t marry anyone!”

*Huh? Ano daw? Bakit naman? Bakla ba siya?*  
Napangiwi pa ang dalaga.

Biglang nagtaas ng boses ang ina nito. “What? Why? Why not?”

“Because Roxanne and I are already done! I don’t love her anymore. And...” Saglit itong tumigil.

Samantala, lalo pang idinikit ni Pam ang tainga.  
*Parang nag-e-eavesdrop na nga ako! Sorry! Ngayon*

*lang naman 'to, Lord!*

“What?”

“I’m already married...”

“What! Kanino?” gulat na bulalas ng ginang. Kasabay niyon ay ang biglaang pagbagsak ni Pam sa sahig. Hindi pala kasi nakasarado ang pinto. Hindi niya napansing nakalapat lang iyon. Kaagad siyang tumayo na parang walang nangyari. Napatingin sa kanya ang mag-ina.

“Ah, sorry kung nakaistorbo po ako. Akala ko po sarado’yung pinto. Kumusta po kayo, Mrs. Jimenez?” Natataranta siya habang nagsasalita. Iyon na yata ang pinakanakakahiyang nangyari sa tanang buhay niya. “Ako nga po pala si Pam—”

Hindi na niya natapos ang sinasabi nang sumabad ang lalaki. “Pamela... my wife!”

## 2

Pakiramdam niya ay mag-aagaw-buhay na siya dahil sa sobrang kabiglaan sa ginawang anunsyo ni Kaira. At masaklap pa dahil wala man lang siyang nagawa kundi ang mapanganga at manigas sa kinatatayuan. Titig na titig siya kay Kaira na kalmadong-kalmado lang at nagawa pa siyang ngitian. At may kung ano sa ngiti nito na siyang parang pumukaw sa kanya. Gayunpaman ay wala pa rin siyang maisip sabihin.

“Hah!” Gulat ang naging reaksyon ng ina ni Kaira, si Bridgette.

“I’ll explain everything, Mom,” sagot ng anak. Nakatunganga pa rin si Pamela sa harap ng dalawa. “It’s the usual love story, Mom—we met, we fell in love, I married her!” Parang simpleng-simple lang kay Kaira ang mga sinasabi nito.

*Anong klase namang love story ’yon? Derecho? Walang kakuwenta-kuwentang plot!*

“Are you making fun of me?” Sinulyapan pa siya ng nakatatandang babae. “Three months ka pa lang dito, when did this happen?” Hindi ito makapaniwala sa nalaman mula sa anak.

Huminga nang malalim ang lalaki. “About a month ago. I was busy and so in love I forgot to call and tell you.”

“You got married a month ago? And you’ve only been together for what? Two months? Don’t you think that’s too soon?” Nilingon siya ng ina ni Kaira. “Is this true...?”

*Ako ba’ng tinatanong nito?* napapatanga na sabi ni Pam sa sarili.

Tinapunan siya ng isang matalas na tingin ni Kaira. Parang magkahalong pagbabanta at pagmamakaawa ang expression ng mukha nito. At hindi niya rin alam pero parang malulungkot yata siya kapag tinanggihan niya ito.

Tumikhim siya. “O-opo, Ma’am. Kasal na po kami.”

Kunot-noo pa siyang tinitigan lalo ng ginang. Matagal-tagal din siya sa ganoong sitwasyon bago ito ngumiti sa kanya. “Then stop calling me ‘Ma’am’. It’s Mommy!”

Saglit siyang napatingin kay Kaira. “Yes, Honey, my mother is now your mother!” Lumapit pa ito sa kanya at pasimple siyang inakbayan. Lalo pa siyang nanigas sa pagkakalapit nila. Parang ayaw na nga

niyang bumitiw rito. Pero kaagad din niyang nakuha ang ibig sabihin nito. Pinapasagot siya nito.

“Ah... Opo... sure... Mommy,” natitigilan niyang sagot.

*Did I just say that? Wow! Nagawa ko nga!*

Tumango-tango ang ginang. “Welcome to the family then, Pamela!” anito. Lumapit ito sa kanya, niyakap siya at hinalikan sa pisngi.

“Uhm... ito na ba iyong hinihingi ko, Honey?” biglang tanong ni Kaira saka kinuha ang dala-dala niyang mga papel. “How about you take some rest? May pag-uusapan lang kami ni Mommy in private,” sabi nito saka pasimpleng bumulong, “Then bring your personal things to my room!”

Biglang-bigla siya sa sinabi nito, pero wala na siyang naisagot sa ‘asawa’ na dahilan sa ginawa nitong pag-alalay sa kanya palabas ng opisina.

Magkasunod niyang sinampal ang sarili. *Hindi ito nangyayari... hindi!*

---

Alas nueve na pero hindi pa rin makatulog si Pam. Hindi maalis sa isip niya ang mga nangyari. Never na pumasok sa kanyang sistema ang magpanggap.

Lalong ayaw niya ring magsinungaling higit na sa mga taong kabilang sa pamilya na siyang bumuhay sa pamilya niya sa matagal nang panahon at nagpaaral sa kanilang magkapatid mula elementary hanggang kolehiyo.

Ume-echo pa rin sa pandinig niya ang hagikgikan ng mga kasambahay sa kusina habang kumakain sila ng hapunan. Sumisilip-silip pa ang mga ito sa pintuan at nagwe-wave sa kanya. Lihim yatang sinabihan ni Kaira ang mga ito na sumunod na lang sa daloy ng arte. Buti na nga lang at hindi ito gaanong napapansin ni Bridgette.

*Ano ba itong gulong napasok mo, Pam?*

Mag-isa pa siya sa kuwarto iyon. Ang silid ni Kaira ay silid na rin niya ngayon. Hindi pa pumapasok doon ang 'asawa'. Siguro ay may mahalaga pa itong pinag-uusapan kasama ng ina o di kaya ay may inaasikaso pang trabaho.

Malaki ang kuwarto. Ang hindi niya lang malaman ay kung saan siya matutulog dito gayong iisa ang kama at wala man lang couch doon na puwede niyang higaan. Hindi niya ma-imagine ang sarili na may katabing guwapong lalaki sa kama at magpapanggap sila na parang may relasyon sila.

*Ano ba talaga 'tong napasok ko?* Naiinis na naupo siya sa silyang nakatabi sa bintana at isinandal ang ulo sa pader.

Ilang sandali pa ay pumasok na si Kaira sa kuwarto. Napalingon siya sa gawi nito at tumayo.

“Ba’t di ka pa natutulog? It’s almost ten,” untag nito.

“Sir! Kailangan ko pong maintindihan lahat ng nangyayari kasi po sigurado po akong gulo itong napasok ko!” aniya. Nate-tense na pinagpipisil niya ang mga kamay.

Napakamot ito sa ulo at nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga. Tumango-tango ito. “Yeah! I figured you’ll be asking me questions.” Naupo ito sa kama. Siya naman ay bumalik sa pagkakaupo sa silya.

Nagsimula itong magpaliwanag, “I’m the only bachelor left sa pamilya Jimenez. My brothers as well as my cousins? Lolo Romano already gave them their shares. Now since Lolo is sick, everybody wants me to tie the knot, gusto nila akong magpakasal. Hindi ipinamamana ni Lolo ang hacienda sa mga binata because he wants to make sure that while he’s alive, maipapasa ang ari-arian niya to the next generations



and that's by getting me married and have kids.”

Napalunok siya sa narinig.

“Matagal na nila akong pine-pressure. Kung hindi pa nagkasakit si Lolo, hindi ako mapupunta dito. Honestly, hindi ko field ang pag-ha-hacienda. I don't even care even if hindi ko mamana ang *Hacienda Remedios*. I just love my lolo so much. And I'm sick of them pressuring me to get married. That's why I'm hiring you to be my wife now!”

Nakailang beses pa niyang kinurot ang sariling kamay bago nagsalita. “Ah... nakita ko po 'yong picture n'yo n'ong babae sa photo album.” Saglit siyang tumigil at nakita niya ang biglang pagsingkit ng mga mata nito. “Ba't di n'yo po siya pakasalan?”

Matalas ang tingin na itinapon sa kanya ni Kaira. “Watch your mouth, Lady. You're digging deeper now, baka nakakalimutan mo.” Sandali itong tumigil sa pagsasalita, pagkuwan ay nagpatuloy, “Kaya nga hindi ako magpapakasal dahil kunwari ay kasal na ako sa iyo!” Tumayo na ito at akmang papasok sa banyo pero hinabol pa niya ito.

“Ah... Sir!”

“What now?”

“Kasi, Sir, paano po ang trabaho ko dito? Si Nanay? ”Tapos po baka kung anu-ano pa pong itanong ng mommy n’yo. Ano po’ng isasagot ko, Sir?” sunod-sunod na tanong niya.

Bakas sa mukha nito ang pagkairita. Tumingala ito sandali na para bang nag-iisip. “Fine! If Mom asks you why you’re the one making all the paperworks, just tell her that you’re just trying to me help out. About Auntie Loretta, I’ll call her. Pag marami pa ring tanong si Mommy tungkol sa atin, gumawa ka na lang ng istorya. Okay?” Hindi pa siya nakakasagot ay tumalikod na uli ito.

“Pero, Sir...” pigil niya.

Iritado na muli itong humarap sa kanya. “And one more thing, if you’re going to act my wife, stop calling me ‘Sir’, and don’t talk to me formally! Now I am tired and I really need a shower badly. So kung ano pa ’yang mga katanungan mo, save it. Sasagutin ko ’yan lahat!” Pagkasabi niyon ay dumerecho na ito sa banyo. Hindi na niya ito hinabol dahil halatang-halata na ang pagkairita nito.

Bumalik siya sa pagkakaupo sa silya. Inaantok na rin siya, pero ayaw niyang humiga sa kama at baka isipin pa ng binata na feel at home na siya at masyadong carried away sa kanilang pagpapanggap

at baka mapagsamantalahan pa siya nito.

Sandali lang at lumabas na ng bathroom si Kaira. Half-naked at tanging tuwalya lang ang nakatakip sa ibabang parte ng katawan nito. Ipinikit niya ang mga mata at idiniin pa lalo ang ulo sa pader.

“Ano pa ba’ng mga tanong mo?” pukaw nito sa kanya. Rinig niya ang pagbibihis nito dahil sa tunog ng pagbukas ng closet.

Nakapikit man ay sumagot pa rin siya. “Ah... hanggang kailan po tayo magpapanggap?”

“A month or more? Hanggang sa umalis si Mommy. Tigil-tigilan mo nga ako sa kapopo at opo-opo mo sa akin, okay? In the eyes of my mom, I’m your husband.” Narinig niya ang pag-uga ng kama. Naupo na siguro ito. “You can open your eyes now, I’m decent.”

Napalunok siya. *Isang buwan? Good luck na lang!*

Dahan-dahan siyang nagmulat at lumingon para tingnan ito. “Ano naman po... ah... I mean, ano naman ang itatawag ko sa iyo?”

“Kaira is fine but I’m thinking na baka mag-twist na naman ’yang dila mo and you might call me ‘Kyrre’. An endearment will be nice, since ‘Honey’ naman

ang itinawag ko sa iyo kanina, panindigan natin iyon and about your salary, I'm going to sign your check tomorrow. Now, sleep!" Pabagsak na itong humiga sa kama.

"Ah... saan naman ako matutulog?"

Inis na bumangon ang 'asawa' at tinitigan siya nang pagkatalim-talim. Pakiramdam ni Pam ay tuluyan na itong magagalit sa kanya at itatapon siya palabas ng silid. "May nakikita ka bang ibang kama dito?"

Umiling siya.

Naglagay ito ng unan sa gitna ng kama. "No matter how much I like to give you your own room, I can't. Magdududa ang mommy ko pag hiwalay tayo ng kuwarto. You sleep on the other side of this bed. Isipin mong unan ang katabi mo, hindi ako." Bumalik ito sa pagkakahiga.

*Ang sungit talaga ng lokong 'to! Siya na nga itong humihingi ng pabor sa akin, saka hindi pa na naman ako pumapayag, ah! Grr... 'kainis! Ba't pa kasi ako tatanga-tanga kanina at bigla na lang umoo...*

Nahiga na nga siya sa kama, nakaharap sa kabilang panig ng silid. Nasa gilid pa rin ng pinto ang ilan sa mga gamit niya.

“By the way, humanap ka ng space sa closet ko at ilipat mo ang mga gamit mo.” Bigla na lang nagsalita si Kaira.

“Ah... oo.”

Wala na siyang narinig mula sa katabi.

*Sayang! Ang guwapo mo sana! Masungit nga lang!*  
nakasimangot na naisaloob niya.

---

Wala sa bahay ang mag-ina nang magising siya. Nag-iwan ng note si Kaira sa kanya na may pupuntahan lang kasama si Bridgette. May kalakip pang cheke ang note na iyon na nagkakahalaga ng sandaang libong piso. Ang sabi nito sa note ay partial payment pa lang daw iyon. Inayos niya ang mga damit niya sa closet. Bilib siya sa lalaki dahil malinis ang pagkakaligpit nito ng mga gamit. Hindi siya nahirapang maghanap ng space para sa kanya. Hanggang nandoon ang ina nito, siya ay si Pamela Pascual-Jimenez.

Matapos niyang maligo ay dumerecho muna siya sa library para tingnan ang mga tatrabahuhin niya sa araw, pero wala na roon ang mga natira niyang trabaho nang nagdaang araw. Nagtungo na siya sa kusina at naabutan niya ang mga katulong doon na

naghahanda ng pagkain. Nagtilian pa ang mga ito nang makita siya.

“Good morning, Mrs. *Jimenez!*” Ini-emphasize pa ni Nanay Metring ang apelyidong Jimenez. May halong kanyaw sa ngiti nito.

“Kumusta naman ang tulog n’yong dalawa doon sa kuwarto ni Sir Kaira?” pahabol ng isa pang katulong na si Josie.

Nagkunot-noo siya, sabay hila ng silyang maupuan. “Ano ba! Nakakaloko na ’yang mga hirit n’yo sa akin! Una pa nga lang naming pagtatagpo n’ong amo kong iyon kahapon, good as first day of work na rin, pero imbis na secretary ay naging instant wife pa ako ng taong ang sungit naman sa akin!” palatak niya.

Nagtawanan ang mga katulong. “Baka magkatuluyan pa kayo, malay mo,” hirit ni Loyda, isa sa mga katulong. Muling napuno ng tilian ang kusina.

“Naku! Kung ibibigay ng Diyos, why not? Eh, sa pagkaguwapo-guwapo nga naman ng taong iyon! Kaso kung gaano naman siya kaguwapo, gan’on rin siya kasungit sa akin. Ewan ko ba, mangkukulam yata ang tingin sa akin kaya imposibleng-imposible

talaga! ”Tsaka may mahal na iyon! Nakita ko sa photo album!” sagot niya.

“Wag kang pasisiguro, Pam!” magkasabay na sagot sa kanya nina Loyda at Josie.

Pasimpleng kinurot ni Nanay Metring ang tagiliran niya. Napaigtad siya. “Hay naku! ’Yan talaga ang makukuha n’yo pag ipinagpatuloy n’yo pa ’yang pakikinig sa mga drama sa radyo!”

Tinawanan lang siya ng mga ito. “Kumain ka na nga!”

Ngumiti siya. Mukhang nahulaan nga ni Nanay Metring ang talagang sinadya niya sa kusina. “Siyanga po pala, napansin n’yo po ba iyong kahon ng mga paperworks sa ilalim ng mesa ni Nanay sa library?”

“Huu! Uso na talaga ang pa-change topic ngayon!” pagpaparinig ni Loyda. Nakipag-high five pa ito kay Josie.

Tinawanan niya lang ito saka tiningnan ang matanda.

“Ay, ’yon ba? Nakita kong kinuha ni Kaira kanina at ipinasok sa opisina. Ewan ko kung bakit.” Kumindat pa ito sa kanya.

“Naku, Nanay Metring! Hindi ko feel ’yang

pakindat-kindat n'yong 'yan! Kung anu-ano na nga itong gulong napapasukan ko, pinagtritripan n'yo pa ako," aniya saka sumubo ng pagkain.

Saglit siyang nagtaka nang hindi na sumagot si Nanay Metring. Tumahimik na rin sina Loyda at Josie. Mayroong mali sa paligid at sa palagay niya, may kinalaman iyon sa pagkindat ng matandang katulong.

At tama nga siya dahil may tumikhim sa likuran niya. Kaagad siyang napalingon.

"Good morning, Honey. Hindi ko alam na gulo talaga itong pinasok mo 'til I heard it just now. Kasi akala ko kanina paggising ko, you're already comfortable with our situation kasi inuunan mo pa nga iyong braso ko." May kantyaw sa boses nito pero wala pa ring karea-reaksyon ang mukha.

*Bato ba talaga ang mukha ng lokong 'to?*

Kararating lang nito. Nakasandal ito sa hamba ng pinto. Katatapos lang yata nitong mag-jogging dahil nakasuot ito ng jogging pants at sweater.

Nanlaki ang mga mata ni Pam. Kaya pala nasa paanan na niya ang unan noong magising siya. Nakagat niya ang lower lip niya. Narinig niyang naghahagikgikan ang mga kasambahay sa likuran. "Ah, sorry kung ganoon. Nasanay kasi ako na ako



lang mag-isa sa kama kaya masyado akong malikot. Sorry!”

“That’s okay, expect the unexpected nga naman. Siguro dapat masanay ka na na may katabi ka. Siyanga pala, nilipat ko ’yong paperworks mo sa opisina ko, mamaya ko na isusunod iyong table mo. Doon ka na sa opisina ko magtatrabaho. And about the coffee yesterday?” Saglit itong tumigil sa pagsasalita, lumapit sa cupboard at kumuha ng isang sachet ng coffee. “This is what I meant, ako ang tumitimpla ng sarili kong kape!”

Lalo pa niyang nadiin ang pagkakakagat ng labi. Sachet pala ng kape ang hinihingi nito nang nakaraang araw. Naalala niya na rin na mayroon palang dispenser sa opisina. Lalo pang lumala ang hagikgikan ng mga kasambahay sa likuran niya.

“And one more thing, *Honey*, sa susunod na pag-usapan n’yo itong pagpapanggap nating ito, just lower your voice a bit. Baka marinig pa kayo ni Mommy. Good thing hindi pa siya dumarating.” Iniwan na sila nito pagkasabi ng lahat ng iyon.

Para siyang nabunutan ng tinik nang mawala na si Kaira. Napahinga siya nang malalim. “Narinig n’yo ’yon? Mabait ba talaga iyon para sa inyo? Ewan ko lang pero naguguluhan talaga ako sa ugali ng amo

natin; may halong kanyaw 'yong boses pero wala man lang karea-reaksyon 'yong mukha!" palatak niya nang masigurong hindi na sila maririnig ng binata.

Nagtawanan ang lahat maliban sa kanya.

"Nakakakilig kayong panoorin! Isang araw pa lang kayong nagkakakilala pero tingin ko lang, Pam, bagay talaga kayo. Saka tinatawag ka pa niya ng 'Honey' kahit wala si Ma'am Bridgette!" ani Loyda.

Tinapos na niya ang kinakain. "Naku! Tigil-tigilan n'yo na nga ako d'yan sa mga frustrations n'yo sa pakikinig sa radyo!" Nilisan na niya ang kusina at umakyat na para umpisahan ang trabaho niya bilang isang sekretarya. Naririnig pa niya ang mga pahabol na hirit ng mga kasambahay.

Naabutan niyang nagtutulak si Kaira ng mesa papasok sa opisina. Iyon ang mesa na gagamitin niya.

"Naku, Sir, ako na ho niyan!" Natigilan siya sa nasabi. Hindi nga pala ito nagpapatawag ng 'Sir' dahil 'kasal' na sila.

Huminto ito sa ginagawa at tinitigan siya. "Kailan ka pa nakarinig ng wife na tumatawag ng 'Sir' sa husband niya?"

Natahimik siya at sandaling nag-isip. "Ah... nasabi

mo kasi kanina na wala pa si Ma'am Bridgette!"

Bumuntong-hininga ito. "Sanayin mo na ang sarili mo! Remember, practice makes perfect. Baka mag-twist na naman ulit 'yang dila mo. Anyway, wala namang malisya." Wala pa ring karea-reaksyon sa mukha nito.

Nagtaas siya ng kilay. *Ewan ko sa iyo!*

Tinulungan ito ng dalaga sa pag-aayos ng magiging lugar niya sa opisina. Wala silang imikan sa loob. Naiilang man ay wala siyang choice kundi ang sumunod sa boss at asawa kuno niya. Inaayos na niya ang mga papel sa mesa niya nang maisip niyang pagtripan ito. Tatal ay hindi rin naman siya nito tinatrato nang maganda, aba'y samantalain na lang niya ang pagkakataon para asar-asarin ito para makaganti man lang.

"Ah... Honey..." Isang nakakalokong ngiti ang pinakawalan niya. *I did it. Tinawag ko siyang 'Honey'! With sweet accent pa.* Umupo siya sa table niya paharap kay Kaira na noon ay nakaupo na sa couch. "Sa tingin mo, okay na ba ang arrangement na 'to?"

Napakunot-noo ito sa tinuran niya. Nabigla yata ito sa biglang pagtawag niya rito ng endearment. "You sound like you're overacting!"

*The Hired Wife - Rose Valencia*

---

Daig pa niya ang nauntog sa pader sa naging reaksyon nito sa kanya.

“Maganda rin naman ang pagkaka-arrange mo d’yan. But it would be nicer kung hindi ka nakaupo d’yan. Hindi ka naman siguro kasali sa arrangement d’yan sa table!” Tumayo ito saka lumabas ng silid. Malamang ay magbibihis na ito.

Pakiramdam niya ay nauntog na nga talaga siya sa pader, not just once but twice. *You are a monster, Kaira Jimenez!* Ni hindi man lang siya tinapunan ng tingin nito bago ito lumabas ng opisina. Nakanguso siyang tumayo at lumapit sa table ng binata at kinuha ang picture frame nito na nakapatong sa mesa.

“You want war, Honey?” Nagtaas siya ng kilay. “I’ll give you war!” Saka pinagpipitik ang larawan nito. “You want me to cooperate? Then, you just have to be nice to me!” Padabog na ibinalik niya iyon sa pagkakapatong sa mesa nito.

# 3

Hindi alam ni Pamela kung paano siya naka-survive sa first five days nila bilang Mrs. Jimenez kuno. Hindi rin nagbabago ang supladong pakikitungo ni Kaira sa kanya. Endearment lang yata ang nakikita niyang maganda roon. Ni hindi man lang siya nginingitian. Kung hindi pa kasama si Bridgette ay hindi rin ito magiging sweet sa kanya at hindi niya rin ito makikitang nakangiti.

Ilang beses na rin niyang sinubukang lumaban dito, pero lagi na lang siyang nagiging talunan sa huli. Sa gabi ay nakikipagkuwentuhan muna siya sa mga kasambahay at nakikisali na rin sa pakikinig ng mga ito ng radyo bago pumasok sa kuwarto. Sinisiguro niya munang tulog na ang 'asawa' at ang ina nito bago siya pumasok nang hindi na siya mailang kay Kaira.

“Naku, Nanay Met, hindi ko na talaga kaya ang pagsisinungaling na 'to! Saka ang sarap sakalin ng lalaking iyon! Natutunganga na lang ako pag umaarte na siya sa harap ni Ma'am Bridgette saka biruin mo 'yon, napaka-waley ng ginawa niyang love story namin. Nagkakilala daw kami sa airport nang pauwi na ako dito 'tapos siya naman ay papunta dito.

Hindi niya raw alam na nanay ko ang secretary ni Don Romano at may mga destiny-destiny pa siyang nalalaman! Asar talaga!” palatak niya isang gabi habang nasa loob sila ng maid’s quarter.

Pinagkakantyan pa siya ng tatlong kasambahay.

“Hay naku! Kalat-kalat na nga rin ’yang kuwentong ’yan sa buong hacienda! Hindi nga sila makapaniwala, eh!” tumatawang sabi ni Nanay Metring.

Nasapo niya ang noo. “Lintik na talaga!”

Kinalabit siya ni Josie kahit nasa upper deck ito. “Kung ako ang nasa lugar mo, Pam, ite-take advantage ko talaga iyan!” natatawa nitong saad. Komportable naman silang mag-usap dahil hindi sila maririnig ng mag-ina pagkat nasa labas ng mansyon ang maid’s quarter. Maliit ito na kuwarto na katabi lang din ng bahay nila ng ina.

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi ni Josie. Napatili si Loyda. Kinurot naman ito ni Nanay Metring.

“Hoy! Magsitigil nga kayo saka ’wag n’yo ngang tinuturuan si Pam ng kung anu-anong kalokohan. Aba, Josie, maghunos-dili ka!”

Hindi natigil si Loyda sa katatatawa. “At may

take advantage ka pang nalalaman, ha! Gawain mo 'yan, ano!"

"Hindi, ah!" tanggi nito. "Eh, sa guwapo nga naman ni Sir Kaira."

"Tama na 'yan!" saway ni Nanay Metring.

"Naiinis na nga ako, eh!" nakasimangot na turan ni Pam. "Araw-araw na lang kung sungitan ako! Iniisip siguro niya, tatal sinusuwelduhan niya rin naman ako sa pagiging asawa-asawahan niya, aba'y paglaruan niya na lang! Hmph! Sinusuwerte siya, ha! Naku... kapag nakahanap lang talaga ako ng pagkakataon, lagot talaga sa akin 'yang gwangit na iyan!"

Napakunot-noo ang tatlo. "Gwangit?" sabay-sabay na naitanong ng mga ito.

Pinaikot niya ang mga mata. "Guwapong masungit! Sige na nga, papasok na ako sa loob. Baka hinihintay na ako ni Honey!" Tumatawang tumayo na siya at umalis.

Nag-cheer pa ang tatlong habang papaalis siya.

"Kaya mo 'yan!"

---

Sabay na naman silang mag-aalmusal for the

tenth day ng fake marriage nila. At sawang-sawa na siya for always ending a day na lagi siyang sinusungitan ni Kaira. She was not enjoying it anymore. Kung magsusungit man ito sa kanya, sana may valid reason ngunit wala naman. Magalang si Pam dito at pa-sweet at wala siyang nakukuhang kahit man lang ngiti mula rito.

“So, Pam... kumusta naman ang anak ko bilang husband?”

Nabigla siya sa pagbasag ni Bridgette sa kanilang katahimikan.

“Kasi parang napapansin ko for the past days na parang your words don’t seem to fit sa actions n’yo,” dagdag pa nito.

Natigilan siya. Nakahalata pala ito sa pagiging ilang niya sa binata. Nahagip ng sulok ng mata niya sina Loyda at Josie na sumisilip sa pintuan. Parang may gusto itong sabihin. Hinihimas-himas ni Josie ang hita ni Loyda. Natatawa pang hinampas ni Loyda si Josie. Hindi naman ito napansin ng mag-ina.

Isang pilyang ideya ang pumasok sa utak niya.

Nagpakawala siya ng isang parang nahihiyang ngiti. “Eh, kasi naman po itong anak n’yo,” pauna niya. Bahala na! Nanginginig na in-extend niya



ang kamay at ipinatong sa hita ni Kaira. It was so firm, so muscular. Para itong nasundot ng kung ano dahil bigla itong nag-ayos ng upo. Natatakot man ay hinimas-himas niya ito na parang bang ang hinihimas niya ay aso. “Nahihiya pong ipakita sa inyo ang pagiging sweet niya sa akin,” patuloy niya saka pasimpleng isinandal sa balikat nito ang ulo niya. “Di ba, Honey?” Tiningala niya ito at nakakalokong kinindatan pa. *Sige, Kaira Jimenez! Mainis ka sa akin! At least, ngayon alam ko kung bakit ang sama ng asal mo sa akin!*

Matigas ang kamay ni Kaira nang hawakan ang kamay niya na nakapatong pa rin sa hita nito. Para siyang pinagbabantaan sa higpit ng pagkakahawak nito sa kanyang kamay. For a moment, akala niya ay dudurugin na nito ang kamay niya pero dahan-dahang naging gentle ang pagkakahawak nito sa kanya.

“Of course not, Honey.” Ibinaling nito ang tingin sa ina. “I was just worried, Mom, na baka sabihin mong I’m not concentrating on my work anymore so I chose to make our sweet business together behind our room’s door.” Ito naman ang tumingin sa kanya at nagbigay ng nakakalokong ngiti. He really looked good everytime na ngumingiti ito, pero alam niyang hindi naman talaga ito sincere pag nginingitian siya.

Itinaas nito ang kamay niya at dinala sa bibig nito para gawaran ng isang halik.

Kaagad niyang binawi ang kamay mula rito at nag-ayos ng upo.

Parang gusto na niyang mag-dissolve na lang bigla. Nakahanap na naman ng nakakalokong sagot sa kanya ang binata at imbis na ito ang galitin niya, siya pa ang nagalit. Parang nag-bounce lang sa kanya ang ginawang kalokohan. Nakanakaw pa ito ng halik sa kamay niya.

*Grrr... nakaka-frustrate ka na, Kaira!*

Napangiti si Bridgette sa kanilang dalawa. “You really look good together!”

*Naman! Mission failed na naman ako!*

---

“What was that all about?” biglang tanong ni Kaira sa kanya nang pumasok ito sa opisina at tumayo sa harapan ng mesa niya. Kaaalis lang ng ina nito para pumunta sa siyudad. And for the first time, mukhang tumalab yata ang ginawa niyang eksena kanina dahil iba ang tono ng pananalita nito. Para itong naiinis sa kanya.

Nagkunwari siyang walang maintindihan sa nais

nitong malaman. Nagkunot-noo pa siya. “What?”

“That overacting act! That was disgusting!”

Napanganga si Pam. *Ikaw pa itong may pa-disgust-disgusting d’yan, ikaw na nga ’tong nakanenok ng halik!* Ngunit ngumiti na lang siya at lihim na pinagtawanan ito. *You’re angry now, Kaira Jimenez! Thank you, Josie and Loyda!*

“What are you smiling at?” Kunot-noo itong nakatingin sa kanya.

Nagtaas siya ng kilay at pinaatras ang kanyang swivel chair saka nagde-kuwatro. “Kasi, Honey,” binigyan na naman niya ng pa-sweet na tono ang endearment nila, “napapansin ko lang na talagang ang sungit-sungit ng trato mo sa akin kahit wala namang valid reason. Kaya naisip ko na since you don’t treat me nicely naman, gawan ko na lang ng rason ’yang pagsusungit mo sa akin, nang sa ganoon ay hindi ako nagmumukhang tanga dahil kini-claim ng lahat na mabait ka sa kanila gayong pinagsusungitan mo naman ako. Gets?”

Nagkamot ng noo ang binata saka inikot ang mesa para maupo sa harapan niya. “Be careful on what you’re playing, Pam. Baka nakakalimutan mo, I’m still your boss...” Humalukipkip ito, pinasadahan

siya ng tingin mula ulo hanggang paa at pabalik. “At lalaki pa rin ako!” Ito naman ang ngumiti nang nakakaloko.

Matutuwa na sana siya sa smile nito, pero sa tono ng pananalita nito at sa paraan pa lang ng pagngiti nito, nakarinig na siya ng sirens sa ulo niya. Nanlaki ang mga mata niya sa tinuran ng ‘asawa’. Na-intimidate siya rito.

“Are you threatening me? Baka hindi mo alam, napapansin ko rin ang mga pasimpleng tsansing mo sa akin, ha! ”Tsaka ba’t ka naiinis sa ginawa ko kanina? Di ba nga, walang malisya! Saka napilitan lang akong sumakay sa kadramahan mo. Kung pinakasalan mo sana’yong Roxanne mo at sinisanti mo na ako n’ong unang araw pa lang na nakita mo ako, di wala tayo ngayon sa sitwasyong ganito! Aba! Matanda na tayo para maglaro pa ng bahay-bahayan!”

Napatayo siya at dinuro ito. “Ikaw itong nangangailangan ng tulong ko, at kahit pa sabihing binabayaran mo ako, hindi pa rin iyon sapat na rason para pakitunguhan mo ako nang di-maganda. Pumayag ako para tulungan ka at hindi para sungit-sungitan mo lang, kaya umayos ka kung gusto mong pakisamahan pa kita!” Humihingal pa si Pam matapos magsalita. Pero kahit ganoon, gumaan-gaan na rin

ang pakiramdam niya at sa wakas ay nailabas niya rin ang sama ng loob sa binata. *Pasalamat ka guwapo ka dahil baka kanina pa kita nilason!*

Nagulat si Kaira sa sinagot niya rito. Natigilan ito at hindi nakapagsalita. Tumango-tango lang ito.

Napakunot-noo siya. Kahit pa napatango-tango ito, para naman itong walang narinig sa litanya niya. *Grrr... nakakainis ka na talaga, Kaira!* Walang sabi-sabi na naglakad siya palabas ng opisina, pero bago pa man makalabas ay narinig niyang nagsalita ang lalaki.

“I’m sorry then, Pamela.” Mahina lang ang bores nito. Nilingon niya ang ‘asawa’ pero nakatalikod na ito at nakatayo sa balkonahe. Nakatingin ito sa maisan. Pinaikot niya ang mga mata saka tuluyan nang lumabas.

---

Nagising siya nang maaga sa tunog ng alarm clock at sunod-sunod na katok sa pinto. It’s the sixteenth day of their charade. Kahit papaano ay hindi na siya gaanong sinusungitan ni Kaira matapos ang confrontation nila. Kahit hindi siya gaanong pinapansin, okay na rin iyon. It’s still four in the morning. Babangon na sana siya para pagbuksan ang

kumakatok nang marinig niyang tumawag ang nasa likod ng pinto.

“Pamela, Kaira, wake up! Mag-jogging tayo!” pagyayaya ni Bridgette.

Dahan-dahan siyang umikot para gisingin si Kaira, only to find out na nakaharap pala ito sa kanya. Nakayakap ito sa unan na nagsisilbing boundary nila. Ngayon niya lang nakitang nakaharap ito sa kanya dahil madalas silang natutulog na nakaharap sa magkabilaang bahagi ng silid.

“Honey?” Napakagat-labi siya sa itinawag niya rito. *Ano ba! Nakakailang naman ito, para talaga kaming mag-asawa sa ayos na ito! Kalerki naman! Hay, sayang! Sana totoong asawa ko siya...*

“Kaira, Honey!” Kinalabit pa niya ito. At nang hindi gumalaw ay niyugyog niya ang balikat nito. Lumapit siya sa tainga nito saka bumulong. “Nasa labas ang mommy mo, mag-jo-jogging daw!” She was very close to him.

Tinatamad na nagmulat ito ng mga mata.

He even look good kahit bagong gising. *Shit! Ang bango pa rin ng hininga. Hmm... if only...*

Patuloy pa rin sa pagtatawag ang mommy nito sa

labas. To her surprise, bigla na lang siyang niyakap nito. Kaira was only wearing white sando and boxers at siya ay malaking t-shirt na pangtulog at maikling shorts. Nanlaki ang mga mata niya nang bigla na lang ay nakapatong na ito sa kanya. Her brain panicked lalo na nang maalalang hindi nga pala siya nakasuot ng bra.

Naloko na! Sisigaw na sana siya pero tinakpan nito ang bibig niya. Kunot-noo itong lumingon sa pinto. Nagpipilit siyang makawala, subalit malakas ang lalaki. Parang papel na hinablot lang nito ang damit niyang kaagad ding napunit. Naiiyak na tinakpan niya ng mga kamay ang kanyang malulusog na dibdib.

Nabigla ito nang makita ang kanyang kahubdan, pero mabilis din siya nitong binalutan ng kumot at isinantabi ang kanyang napunit na damit. “Please be quiet,” nakayukong pakiusap nito saka bumaba na ng kama. Tahimik siyang humihikbi habang nakatagilid at nakatapis ng kumot.

Binuksan nito ang pinto, sapat lang upang makita ni Bridgette na nakahiga si Pam. “I’m sorry, Mom, but I’m tired. Maybe we’ll jog with you tomorrow. I’m not feeling well.”

Bahagyang sumilip ang ginang sa kuwarto at

nang makitang naroon ang ‘manugang’ ay nangiti ito. “Planting the heirs of Jimenez, I see!” Tumangotango ito saka umalis upang mag-jogging mag-isa.

Nagtatatakbo si Pam papasok sa banyo nang isara na ni Kaira ang pinto.

“Pam...” Hinabol siya nito pero kaagad na niyang sinarhan ang pinto. Kumatok ito. “Pam... look, I’m sorry... Believe me, I didn’t intend to scare you, rape you or whatever...”

Nakaupo siya sa tiles at nakasandal sa dingding. Binalot niya lang ang katawan ng kumot. She was scared to death. Hindi niya akalaing aabot sa ganoon ang mangyayari.

“Pam, I’m sorry pero I swear hindi ko naman tinitigan ’yong dibdib mo. I just did it to show an act to my mom. I’m sorry. Don’t worry, dadagdagan ko na lang ang suweldo mo.”

*Ano daw? Did I just hear that right?*

“Alam mo naman ang istorya, di ba? They’ve been pressuring me. Huwag kang mag-alala, kapag umalis na si Mommy, matatapos din ang pagpapanggap natin. Ngayon lang ito habang nagpapagaling pa si Lolo.”



Humihikbi man ay nagawa pa rin niyang sumagot. “Hindi lahat ay madadaan sa pera mo, Kaira! I’m not a whore! Akala mo ba ginagawa ko ito para sa isinusuhol mo? How many times do I have to tell you, ginawa ko lang ’yon kasi gusto kitang tulungan! Gusto kong makabawi sa iyo sa kung ano mang rason kung ba’t sinungit-sungitan mo ako! Wala akong hininging anumang halaga nang sumang-ayon ako sa pakana mo na kasal kunwari tayo. Pero sarili mo na lang palagi ang iniisip mo, about how pressured you are about your family forcing you to settle down...”

Saglit siyang tumigil para lumunok. Umiiyak pa rin siya. “Ako rin naman nape-pressure sa mga pinagpipilitan mong act sa akin, nape-pressure rin ako sa kasinungalingang ito. Sobra na nga, eh! Sobrang-sobra na! Sana inisip mo rin kahit sandali na may damdamin din ako, nasasaktan din ako. Hindi umiikot ang mundo sa iyo, Kaira. Hindi lahat p’wede mo na lang gawin basta-basta.

“Araw-araw mong ipinamumukha sa akin kung gaano ako kaliit sa paningin mo... ’tapos ngayon? Don’t you think it’s too much? Hindi mo man lang ako ginalang!” Hindi na niya napigilan ang humagulgol.

Hindi na niya narinig na nagsalita ang lalaki. Lalo

siyang napahagulgol. Parang pinatunayan lamang nito sa kanya na tama nga siya. Tama siya na wala itong pakialam sa kanya o sa kanyang nararamdaman. Narinig na lang niya ang mga hakbang nito papalayo sa pinto. Napayakap siya sa sarili. Mayamaya pa'y narinig niyang may humahakbang papalapit sa pinto, pero hindi niya ito pinansin. Nabigla na lang siya sa narinig na pag-click ng seradura. Suddenly, the door swung open. Nakatayo si Kaira sa bungad.

“Pam... I’m sorry... I promise it won’t happen again.” Kalmado ang boses nito.

*Ang galing! Parang wala lang nangyari! How could you?*

Nagpupunas siya ng luha habang tumatayo. Sumisinok-sinok pa siya pero siniguro niyang klaro ang maisasagot niya rito. “You don’t have to promise me,” aniya saka nag-angat ng tingin. She met his gaze. Namamasa-masa man ang kanyang mga mata ay matapang niya itong tinitigan. “I’m quitting, Kaira. I’m resigning as your secretary, everything is over! I’m done here!” Pagkasabi niyon ay kaagad siyang tumalikod at kinuha ang mga gamit niya sa closet. Kaunti lang naman iyon. Babalik siya sa bahay sa likod ng mansyon, mag-eempake at babalik ng Manila. Everything would be easy then.

“You can’t do this, Pam... please!” Sumunod si Kaira sa kanya. Nakatayo ito sa likuran niya habang iniisa-isa niyang kunin ang mga damit niya.

“I can at ibabalik ko sa iyo every single centavo that you paid me!” garalgal ang boses na tugon niya.

Naramdaman niya ang paghawak nito sa magkabilang balikat niya. “No... please, Pam... don’t leave!”

Natigilan siya. Para siyang nakuryente sa pagkakadampi ng kamay nito sa balat niya. Parang may kung ano na sumundot sa puso niya nang marinig ito. Tono ng pagmamakaawa.

“Wag muna ngayon, please! I’ll do anything, just stay for a while,” dagdag pa nito.

Lalo pa siyang natigilan sa huli nitong sinabi. Just stay for a while. *Kinilig naman ako doon.*

Parang um-echo-echo ito sa tainga niya. *I’ll do anything, just stay for a while.* May pilyang ideya na pumasok sa isip niya. It’s going to be her chance to take revenge. Nagpunas siya ng mukha, inayos ang sarili saka nakayukong hinarap si Kaira.

“Anything?”

Tumango-tango ito. “Anything.”

Bumuntong-hininga siya. “Last shot na ito!”

“Thank you, then. I promise not to screw it this time”

Lumunok siya ng kaunting laway. “You better not.”

Tumango-tango ito sa kanya. “Lalabas na ako, get dressed!”

Isang matipid na ngiti ang pinakawalan niya. You can’t get away that easy, Kaira Jimenez!

Bago pa man ito lumabas ng kuwarto ay nilingon muna siya nito. “I’m really sorry, Pam.” Hindi na siya nito hinintay na makasagot dahil tuluyan na itong lumabas ng silid.

---

Hindi basta-bastang nakatakas si Kaira sa sermon ni Nanay Metring nang araw na iyon nang makaalis si Bridgette ng mansyon. Ang matanda na rin kasi ang nanay-nanayan ni Pam doon at isa rin sa mga pinagbilinan ni Don Romano na gumabay kay Kaira habang nandoon ang apo nito. Nagbigay-galang ang binata kay Nanay Metring at nangakong hindi na uulit sa ginawang kabastusan sa ‘asawa’.

“So what are the conditions?” naitanong nito

sa kanya nang pumasok ito sa opisina dalawang araw matapos ang nangyari. Nakatayo ito sa harap ng mesa niya. Kagagaling lang nito sa maisan at nakipagpulong sa mga magsasaka. Simpleng-simple ito sa suot na jeans na nakatupi hanggang tuhod at plain white t-shirt. Nakatsinelas lang ito.

Kunot-noo siyang napatingin dito. *Ay, oo nga pala! 'Yong 'anything' na sinasabi niya.* “Ba’t parang excited ka naman yata?”

Yumuko ito at tiningnan ang mga paa. “I don’t want you walking around, working with me, sleeping in the same bed as mine knowing that I did a terrible thing to you. Tell me, Pam, how can I make it up to you?”

Nagtaas siya ng kilay at humalukipkip. “I’m surprised na alam mo naman pala na hindi maganda ’yong ginawa mo, sana naisip mo ’yan bago mo ginawa.”

He rolled his eyes. “I know I’m wrong, okay? Kaya nga ako nagtatanong kung paano ako makakabawi.”

Huminga siya nang malalim. “I’ll be formal this time, Sir Kaira... you’re still my boss, after all. Simple lang naman po... be nice to me...” Saglit siyang tumigil, yumuko at napakagat-labi. “It’s not too much

to ask naman po yata... hindi ko po alam kung bakit po lagi kayong naiinis sa akin.

“Siguro nga po’y nakakairita lang ang mukha ko, but then kaya n’yo naman sigurong tiisin hanggang sa umalis na nga ang mommy ninyo. If you can’t do that, then please feel free to fire me ’tsaka ’wag n’yo na lang akong kausapin o pansinin kung susungitan o ito-taunt n’yo lang ako.” Nag-angat siya ng mukha. Nailang siya nang magtama ang kanilang mga mata. At para ring magkapareho sila ng naramdaman dahil kaagad ding nag-iwas si Kaira ng tingin.

*Come on! Magsalita ka naman kahit sipol na lang!*

Nagpakawala ito ng mahinang buntong-hininga at tumango-tango. “Don’t you think that’s too easy para sa ginawa ko?”

*Yon ang akala mo!*

Ngumiti siya. “Alangan naman pong gawin ko kayong slave ko, di ba? Boss pa rin kita...”

Tumango-tango ito saka sandaling nag-isip. Tinitigan niya lang ito. “But...”

Hindi na niya hinintay na matapos ito sa sasabihin. “Just do what I said... Honey!” Pagkasabi niyon ay tumayo siya. Sinundan siya ng tingin ng

*The Hired Wife - Rose Valencia*

---

binata. Tiningnan niya ito. “Start it now!” Saka siya ngumiti.

Hindi sumagot ang kausap, sa halip ay tumalikod ito at lumabas ng opisina.

Napanganga siya sa ginawa nito. *Sinabi ko start it now at hindi tomorrow! Grr!*